# Relasyonalidad

**Isang Pangunahing Dimensyon ng Ating Likas na Pagkatao**

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Eduardo Mayo, OFM Capuchin

Mayo 4, 2024

Ang pananaw ng Katoliko sa isang tao ay nakasalalay sa buo niyang pagkatao (hal. koleksyon ng iba't ibang katangian), na naiiba sa makamundong pananaw na nakasalalay lamang sa kasarian ng tao. Mahal ng Diyos ang ating kabuuan. Mahal Niya tayo kung sino tayo, kasama ang ating mga kamalian. Tulad nito, tinawag tayong magmahal gaya ng pagmamahal ni Kristo at magiging disipulo Niya tayo. Kapag tayo ay nanatili sa pagmamahal ng Diyos hindi tayo mauubusan ng pagmamahal.

1. **Relasyon**. Binuo tayo para sa relasyon. Ang relasyon ay estado ng pagiging konektado:

1.1. Sa pamamagitan ng Pagbigkis: konektado bilang kadugo o kasal; ang pundasyon ay maaring pinilit ngunit di maaring itanggi o sirain.

1.2. Sa pamamagitan ng Pag-uugali: paano ang dalawa o higit pang tao makitungo sa isa't-isa ("tropa" parang kapamilya; kilala ang bawa't isa).

2. **Paano nasusukat ang ating relasyon sa Diyos at sa kapwa?**

2.1. **Kasunduan sa Diyos**: ang kasunduan/tipan o pagiging disipulo ay higit pa sa pagpapalitan ng pangako; ito ay taimtim na pagbibigay at pagtanggap sa kapwa. Ginagawa natin ang ating tungkulin at pagsasakripisyo para sa kapakanan ng iba. Diyos lamang ang nananatiling tapat sa pangako at patuloy na nagpapanibago, "Mag-ibigan kayo! Kung paanong inibig ko sa kayo"(Juan 13:34).

2.2. **Kapatiran**: may kapatiran tayo sa bawa't isa na tumutukoy ng kawanggawa. Ito ay personal na pagkilala sa unibersal na pagiging ama ng Diyos bilang Siya ang lumikha sa tao, *"imago Dei."* Itinatampok nito ang espesyal na katangian ng ating *ecclesial fraternity* bilang anak ng Diyos. Sa tuwing binabanggit natin ang "Ama Namin," ito ay isang pribilehiyo na ibinigay ng Diyos sa atin. Dito itinatampok ang ating responsibilidad sa kapakanan ng ibang tao (anuman ang kultura, lahi, paniniwala, kasarian).

**3. Ang ating pag-uugali ay patungo sa pagiging disipulo** (sa Grego *"mathetes").* Ang nagsasanay ay natututo at nahahasa ng isang kasanayan mula sa isang dalubhasang guro, ang Diyos.

3.1. Pinapahintulutan ng Panginoon ang mga pagsubo -pagtanggi sa ating sarili, pagpasan sa ating krus dahil natututo tayong magmahal sa pamamagitan ng pagsasanay. Ang "kabanalan" ay hindi lamang pagiging relihiyoso; sinasanay ang isip at puso para magawa ang kaloob na kalayaan sa Diyos at sa kapwa.

3.2. Ang pagiging disipulo ay nakatuon sa pagiging apostol, hal. isang embahador, o sugo na pinadala bilang kinatawan, at inihanda, inarmasan, dinamitan, ibinigay ang kailangan sa paglalakbay.

**4. Ang Landas**: **Tao (imago Dei) sa Diyos:**

4.1 Alam:katwiran(rasyonalidad)>KATOTOHANAN

4.2. Kalooban:pag-ibig(pagmamahal)>KABUTIHAN

4.3. Kalayaan para sa kahusayan

5. **Mga Antas ng Kawanggawa *( love in action*)**

5.1. **Eros** - madamdaming pag-ibig, pagnanasa

5.2. **Storge** - pag-ibig sa pamilya: natural ito, kusang pagmamahal (sa magkakapatid).

5.3. **Philia** - pag-ibig sa kapatid, hal. nabuo ang pagkakaisa sa mahabang oras ng pagsasama

5.4. **Agape** – unibersal, walang kondisyong pag-ibig na naiuugnay sa Diyos at kay Hesus. Pagpili na alam na alam mong nakatuon sa pagnanais at pag-aambag sa kabutihan ng kapwa, anuman ang kapalit nito.

5.5. **Kawanggawa** (*love in action)*

- ang larawan ng pag-ibig : ang Krus
- ang katatagan ng pag-ibig: ang Eukaristiya
- ang katibayan ng pagmamahal: Pag-amin
- ang saksi ng pag-ibig: Pag-aasawa (habangbuhay na pagmamahal sa taong hindi perpekto)
- ang paglilingkod dahil sa pag-ibig: Pagtatalaga

**KONKLUSYON:** Ang paglago sa pagiging alagad ay pagkatutong magmahal. Hindi tayo matututo hanggang hindi tayo nasasaktan dahil ang *agape love* ay walang kondisyon. Ito ay buod ng Misyong Kristiyano, para sa sarili at sa mundo. Kapag nakita natin ang ating buhay na nasa liwanag ng Diyos, simula ito ng pagka-intindi natin sa ating layunin

**PAGNINILAY:** Kapag nagmahal ka, ano ang malaya mong maiaalay/ maisusuko?

**Scribes Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**https://lordsflock.teaching/digests**
Tags:#Disipulo#Pag-ibig